# Ang Panahon sa Paskong Pagkabuhay

Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Alfredo (Bong) Guerrero
Mayo 6, 2023

Ang pagdiriwang ng Muling Pagkabuhay ay katuparan sa ating Kristiyanong pananampalataya dahil sinisiguro sa atin na may buhay na walang hanggan. Pinapaniwalaang ito'y pista ng mga pista. Samakatuwid, magalak tayo, at ihayag natin na si Kristo ay buhay! Kaya nga, ang panahon ng Muling Pagkabuhay ay nagpapa-alala sa atin na ang ating Panginoong Hesus bilang Mabuting Pastol, ang Kanyang pag-akyat sa langit at buhay na walang hanggan; banal na awa at pagsunod sa utos ng Diyos.

**Ano ang tungkol sa Panahon ng Pasko ng Pagkabuhay?**

**1. Muling Pagkabuhay (Unang Linggo)**

Sa Linggo ng Muling Pagkabuhay, nagtitipon tayo para sa muling pagkabuhay ng Panginoon (Lucas 24:1-12) bilang mga tao ng Pasko ng Pagkabuhay. Nagagalak tayo dahil tayo ay buhay.

**2. Banal na Awa (Pangalawang Linggo).** Ang alagad na si Tomas ay gustong mapatunayan na buhay si Hesus (Juan 20:24-29). Ngunit, ang ibang mga alagad na takot pa at nagkulong sa kanilang mga silid ay nasaksihan ang sugat sa kamay ni Hesus. Dagdag pa nito, karamihan sa mga Kristiyano ay maniniwala lamang kung ito'y makikita nila , ngunit kailangan nating magtiwala/maniwala sa ating Panginoong Hesus kahit hindi natin Siya nakikita.

**3. Ang paglalakbay sa Emmaus (Ikatlong Linggo).**

Ang dalawang alagad ay nabigo at lumayo sa iba (Lucas 24:13-35). Bagamat, kapag tayo'y nakararanas ng trahedya, sakit, mas lalo tayong lumalapit sa Diyos. Maniwala tayo na kung inilagay Niya tayo sa mahirap na sitwasyon, hindi Niya tayo pababayaan. Imulat natin ang ating mga mata na hindi tayo biktima, sa halip tayo'y matagumpay kagaya Niya. Kaya nga, ang malaking balakid ay nangangailangan ng malaki ring pananalig.

**4. Linggo ng Mabuting Pastol (Pang-apat na Linggo**). Tayo ay mga pastol, inatasang mag-alaga ng mga tupa (Juan 10:14). Kapag nawawala ang iba nating mga tupa, kailangan nating hanapin at ibalik. Ang mga tupa ay nais na makasama palagi ang kanilang pastol o kaya gawin kung ano ang ginagawa ng pastol (hindi ang kanyang sinasabi). Bilang pastol, kailangan nating gabayan ang ating pamilya, ang pangunahin nating responsibilidad. Sinusunod ng mga bata ang ating ginagawa hindi ang ating sinasabi. Tulad ni Hesus, dapat bigyan natin ng pagkakataong magbago ang iba dahil naniniwala si Hesus na kaya pa nating magbago, at maging mas mabuting Kristiyano. Dahil tayo ay kaisa ng Diyos, nararapat lang na dumalo tayo palagi sa misa upang lumusog ang ating kaluluwa at mabuo muli ang wasak nating buhay.

**5.Kamatayan, ang pintuan sa buhay na walang hanggan (Panlimang Linggo)**

"Aalis ako at ipaghahanda ko kayo ng matitirhan," (Juan 14:3). Ito ang katotohanan ng kamatayan at kagandahan ng muling pagkabuhay. Kaya, ang langit ay inihandang lugar para sa mga taong handa (Juan 14:1-6). Hindi natin maiiwasan ang kamatayan, ngunit may pangakong may lugar para sa atin. Bilang mga Kristiyano, hindi natin dapat isipin na ang kamatayan ay katapusan ng buhay, sa halip ito ang simula ng bagong buhay. Kaya tayo'y nagsisikap magpakabanal at umaasang makararating sa langit.

**6. Pagsunod (Pang-anim na Linggo)**

**"Kung iniibig ninyo Ako, tutuparin ninyo ang aking mga utos"(Juan 14:15).** Inaanyayahan tayo ni Hesus na igalang ang ating ama at ina (Panlimang utos). Kaya, binigyan tayo ng ina upang alagaan tayo (kagaya ng ginagawa ng Diyos sa atin). Sila ang hangin sa ilalim ng ating mga pakpak.

**Konklusyon**:

Nasusukat ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng ating gawa hindi sa ating sinasabi. Tayo ay mga taong Pasko ng Pagkabuhay; kaya, sundin natin ang sinasabi sa banal na kasulatan. Mamuhay tayo ayon sa kautusan ng Diyos: "Panginoon, ang Salita mo ay aking buhay."

**Pagninilay:**

1. Sa anong dahilan bakit ka lumayo kay Hesus?
2. Paano ka nakabalik sa Kanya?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :**Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahanni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#MulingPagkabuhay#PaskongPagkabuhayPag kabuhay